Land Justice Initiative

Land Justice Initiative is implemented by:

KAISAHAN
TUNGO SA KAUNLARAN NG KANAYUNAN AT REPORMANG PANSAKAHAN

ANGOC
Asian NGO Coalition for Agrarian Reform and Rural Development

Funded by the European Union



# Agribusiness Venture Arrangement (AVA): A Briefer

Ang **Agribusiness Venture Arrangement (AVA)**, sa ilalim ng Administrative Order (AO) No. 9, Series of 2006 ng Department of Agrarian Reform (DAR), ay tumutukoy sa isang pakikipagkasunduan sa pagitan ng mga Agrarian Reform Beneficiaries (ARBs) at mga pribadong mamumuhunan para sa pagpapaunlad ng mga proyektong agribusiness sa mga lupang ipinamahagi sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Isinusulong ang mga AVAs upang mabigyan ang mga ARBs ng akses sa kapital, teknolohiya, kaalaman sa pamamahala, at mga serbisyong suporta, lalo na sa mga lugar kung saan limitado ang suporta ng pamahalaan.

Matagal nang kinikilala at isinusulong ng pamahalaang Pilipino ang mga AVAs mula pa noong mga unang yugto ng pagpapatupad ng CARP. Mula pa noong 1988, naglabas na ang Department of Agrarian Reform (DAR) ng mga alituntunin ukol sa pagproseso, pag-apruba, pagsubaybay, pagbibigay-bisa, pagpapatupad, at implementasyon ng mga ganitong kasunduan.

Sa esensya, pinahihintulutan ng mga AVAs ang pribadong sektor na tumulong sa pagtupad ng obligasyon ng Estado na magbigay ng mga serbisyong suporta sa mga ARBs. Dahil sa limitasyon ng Estado sa pagbibigay ng mga serbisyong suporta, maraming ARBs ang nakibahagi sa mga AVAs bilang mapagkukunan ng kapital at suportang operasyonal para sa pagsasaka at pamamahala ng mga lupang iginawad sa kanila.

Gayunpaman, sa kabila ng pagkakaroon ng mga alituntuning ito, patuloy na nakapagtatala ang mga tagapagtaguyod ng repormang agraryo ng maraming kaso ng mga AVAs na lubhang hindi nakakabuti para sa mga ARBs at kinasasangkutan ng mga pambansa o multinasyonal na kumpanyang agribusiness at malalaking mangangalakal.

## DAR Administrative Order No. 9, Series of 2006

**Binagong mga Alituntunin at Regulasyong Namamahala sa mga AVAs sa mga Lupain ng Repormang Agraryo**

Ang DAR AO No. 9, Series of 2006 ay inilabas noong 08 Disyembre 2006 upang baguhin at isapanahon ang mga naunang polisiya na namamahala sa Joint Economic Enterprises (JEEs), ang naunang anyo ng AVA, na dating saklaw ng AO No. 2, Series of 1999: Rules and Regulations Governing Joint Economic Enterprises in Agrarian Reform Areas.

Ang konsepto sa likod ng balangkas ng JEE/AVA ay madagdagan ang limitadong pondo ng DAR para sa mga serbisyong suporta sa pamamagitan ng pagpapadali ng mga pakikipagkasunduan sa agribusiness sa pagitan ng mga ARBs at mamumuhunan. Partikular na tinutukan ng programang ito ang malalaking plantasyong komersyal, lalo na ang mga sagingan at pinyahan, na

ang sampung taong deferment period sa ilalim ng CARP ay magtatapos ng 2008.

Naglabas din kalaunan ng karagdagang mga administrative orders upang palawakin ang AO No. 9, kabilang ang:

- **AO No. 2, Series of 2008** – Guidelines Governing Lease of Lands Under AVA in Agrarian Reform Areas and the Determination of Lease Rental Thereof, na nagpalawak sa mga alituntunin hinggil sa pagpapaupa ng mga lupaing sakop ng repormang pansakahan; at,
- **AO No. 14, Series of 2016** – inilabas bilang tugon sa lumalabas na mga usapin hinggil sa mapagsamantala at lubhang hindi nakakatulong na mga AVAs na umano'y nagdulot sa mga ARBs ng malalaking pagkakautang at pagkawala ng epektibong kontrol at pagmamay-ari sa kanilang mga lupain.

Tumugon din ang AO No. 14 sa panawagan ng Food and Agriculture Organization ng United Nations para sa pagsunod sa Voluntary Guidelines on the Responsible Governance of Tenure of Land, Fisheries and Forests in the Context of National Food Security (VGGT). Ang AO No. 14 ay inilabas ni dating DAR Secretary Virgilio De Los Reyes noong 27 Mayo 2016, ngunit iniulat na sinuspinde ang implementasyon nito ng kasunod na DAR Secretary na si Rafael Mariano.

## Pangunahing Layunin ng AVA

Layunin ng AVA na:

- magbigay ng dagdag na suporta at oportunidad para sa mga ARBs;
- hikayatin ang pamumuhunan ng pribadong sektor, paglilipat ng teknolohiya, at teknikal na kaalaman;
- pataasin ang productivity sa agrikultura at kita ng mga magsasaka; at,
- itaguyod ang mga pakikipagkasunduan sa agribusiness sa mga komunidad ng repormang agraryo

## Mga Uri ng AVA

| Mga Uri | Maikling Paglalarawan |
|---|---|
| Joint Venture Agreements | Magkasamang pinamamahalaan at pinatatakbo ng mga ARBs at mamumuhunan ang isang negosyong pansakahan habang pinaghahatian ang mga yaman, panganib, at kita |
| Growership or Contract Growing | Nagpoprodyus ang mga ARBs ng mga produktong agrikultural sa ilalim ng kontrata sa isang kumpanya na nagbibigay ng mga kailangan sa pagsasaka, pautang, o teknikal na tulong, at bumibili ng ani ayon sa mga napagkasunduang kundisyon |
| Lease Agreements | Pinauupahan ng mga ARBs sa mga mamumuhunan o korporasyon ang mga lupang iginawad sa kanila |
| Management and Service Contracts | Nagbibigay ang mga mamumuhunan sa mga ARBs ng may bayad na teknikal, operasyonal, o pamamahalang serbisyo sa sakahan |
| Build-Operate-Transfer (BOT) Schemes | Pinopondohan at pinatatakbo ng mga mamumuhunan ang mga imprastrakturang agrikultural o pasilidad sa itinakdang panahon bago ilipat ang pagmamay-ari sa mga ARBs o sa kanilang kooperatiba |

## Mahahalagang Katangian ng AVA

Itinatakda ng DAR AO No. 9, Series of 2006 ang mga sumusunod:

- Pag-apruba ng hindi bababa sa dalawang-katlo (2/3) ng mga kinauukulang ARBs o mga kasapi ng organisasyon/kooperatiba ng ARBs na kalahok sa AVA.
- Malinaw na pagpapaliwanag at pag-unawa ng mga probisyon ng kontrata ng mga ARBs
- Pagsubaybay at pangangasiwa ng Department of Agrarian Reform (DAR)
- Mga mekanismo para sa pagrerepaso, renegosasyon at paglutas ng hindi pagkakaunawaan sa kontrata

## Inaasahang Epekto ng AVA sa Komunidad

Kung maayos na maipapatupad at masusubaybayan nang mabuti, ang AVA ay maaaring:

- magpataas ng kita at oportunidad sa kabuhayan ng mga ARBs;
- bawasan ang labis at pangmatagalang pagdepende ng mga ARBs sa mga mamumuhunan;
- mapahusay ang kakayahang makipagnegosasyon at partisipasyon ng mga komunidad ng magsasaka;
- magsulong ng responsable, sustenable, at makatarungang pakikipagkasunduan sa agribusiness; at,
- magpalakas ng bargaining power at partisipasyong pang-ekonomiya ng mga ARBs.

## Mga Pangunahing Isyung Natukoy

May mga pangunahing isyung lumitaw hinggil sa implementasyon ng AVA. Marami sa mga usaping ito ay may kinalaman sa mga kasunduang umano'y pumapabor sa mga mamumuhunan habang inilalagay ang mga ARBs sa pangmatagalang panganib pang-ekonomiya, pagkakautang, at pagkawala ng epektibong kontrol sa mga lupang iginawad sa kanila. Ang mahinang pagsubaybay ng pamahalaan at kakulangan sa legal na tulong ay nagpapalala pa sa kahinaan ng mga ARBs sa panahon ng negosasyon at implementasyon.

**Para sa Lease Arrangements**

- Napakahabang panahon ng kontrata na umaabot mula 25 hanggang 44 na taon
- Mababang bayad sa upa at mga bagay na hindi nakakatulong sa ekonomiya ng mga ARBs
- Kakulangan sa konsultasyon, sa pagiging bukas, at sa malayang pahintulot sa panahon ng negosasyon
- Mga kontratang nakasulat sa wikang Ingles at hindi lubos na naipaliwanag sa mga ARBs
- Kabiguang mabigyan ng kopya ng kontrata ang mga ARBs (sa ilang kaso)
- Mga kasong umano'y hindi wastong nasuri o naaprubahan ng DAR ang mga kontrata
- Mga ulat ng pagkawala ng epektibong kontrol at pagmamay-ari ng mga ARBs sa mga lupang iginawad sa kanila

**Para sa Growership Arrangements**

- Mga growership scheme na maaaring magbaon sa mga ARBs sa utang dahil sa mataas na halaga ng farm inputs at mataas na interes sa production loans
- Fixed o mababang presyo na ipinapataw ng mga mamumuhunan o korporasyon
- Hindi pantay na kasunduan na pabor sa mga mamumuhunan kaysa sa mga ARBs
- Pagdepende sa mga mamumuhunan para sa farm inputs, pautang, at akses sa merkado

**Iba pang mg Isyu**

- Mahinang mekanismo ng pagsubaybay at pangangasiwa ng DAR
- Limitadong legal na tulong at partisipasyon ng mga ARBs sa panahon ng negosasyon
- Hindi sapat na pagrerepaso at regulasyon ng mga kontrata ng AVA ng mga kinauukulang ahensya ng pamahalaan

## Kasalukuyang Karanasan ng mga ARBs/POs sa mga AVAs

Sa mga focus group discussions (FGDs) na inorganisa sa ilalim ng Land Justice Initiative (LJI) noong 22 August 2025 sa Bacolod City at 10 October 2025 sa Quezon City, inilahad ang mga sumusunod na usapin hinggil sa implementasyon ng AVA:

- **Pagsasagawa ng mga negosasyon at lease contracts bago pa maipagkaloob ang mga CLOAs.** Ipinahayag ng mga ARBs na ang mga negosasyon at lease agreements ay sinimulan at isinapinal bago pa man maibigay ang kanilang Certificates of Land Ownership Award (CLOA). Ito umano ay paglabag sa Section 4.1 ng AO No. 9-2006, na nagbabawal sa pagpapatupad ng mga AVAs bago maipagkaloob ang Emancipation Patents (EPs)/CLOAs at aktwal na pagmamay-ari ng lupa.

- **Hindi pagkakatugma ng mga naipahayag na kasunduan at nakasulat na probisyon ng kontrata.** Iniulat ng ilang ARBs na ang mga paliwanag na ibinigay sa panahon ng negosasyon ay hindi tumutugma sa aktwal na nakasulat na probisyon ng kontrata. Halimbawa, sinabi sa mga magsasaka na dalawang taon lamang ang bisa ng kasunduan, ngunit limang taon ang nakasaad sa kontrata.
- **Kahirapan sa pag-alis sa mga AVAs.** Iniulat ng ilang magsasaka na nais wakasan ang lease agreements at mabawi ang kanilang mga lupain ngunit hindi ito magawa dahil ang renewal ng kontrata ay nakabatay sa boto ng mayorya ng kooperatiba o samahan ng mga ARBs.
- **Minimal na partisipasyon ng DAR sa panahon ng negosasyon.** Ayon sa mga kalahok, limitado lamang ang papel ng DAR sa pagtiyak na may pag-apruba ng mayorya ang lease agreement. Iniulat din ng ilang ARBs na kakaunti o walang legal na tulong na ibinigay sa panahon ng negosasyon at umano'y may mga kontratang hindi inendorso ng Provincial Agrarian Reform Coordinating Committee (PARCOM) o inaprubahan ng mga kaukulang tanggapan ng DAR tulad ng Presidential Agrarian Reform Council Executive Committee (PARC-ExCom).

## Mga Rekomendasyon

Batay sa mga usaping inilahad ng mga ARBs, POs, at mga tagapagtaguyod ng repormang agraryo, ilang polisiya at institusyonal na reporma ang inirekomenda upang matiyak na magiging mas bukas, makatarungan, at kapaki-pakinabang sa mga ARBs ang mga AVAs. Layunin ng mga rekomendasyong ito na mapalakas ang proteksyon sa karapatan ng mga ARBs, mapabuti ang pangangasiwa ng pamahalaan, at maisulong ang mas patas na pakikipagkasunduan sa mga negosyong pang-agrikultura.

Upang mapabuti ang implementasyon ng AVA, inirekomenda ang mga sumusunod na hakbang:

- Palakasin ang mga mekanismo ng legal na tulong at proteksyon para sa mga ARBs
- Taasan ang lease rental sa makatwirang halaga at regular na iakma ang mga ito batay sa inflation
- Bigyan ang mga ARBs ng higit na kalayaan sa pagpili ng suppliers at buyers
- Magsagawa ng regular na pagrerepaso at pagsubaybay sa mga kontrata ng AVA
- Palakasin ang tungkulin ng DAR sa negosasyon, pagsubaybay, at pagpapatupad

Ang **Kaisahan Tungo sa Kaunlaran ng Kanayunan at Repormang Pansakahan (KAISAHAN)** at ang **Asian NGO Coalition for Agrarian Reform and Rural Development (ANGOC)** ay magkasamang nagpapatupad ng proyektong *"Land Justice Initiative (LJI): Amplifying Land Rights Defenders' Access to Justice and Uniting Stakeholders for Land Rights Accountability"* sa tulong pinansyal ng European Union (EU).

Layunin ng proyekto na mapataas ang akses sa hustisya at proteksyon para sa mga land and human rights defenders (LHRDs) sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kakayahan, mga programa, at pakikipag-ugnayan sa iba't-ibang stakeholders.

Ang briefer na ito ay nagbubuod ng policy paper tungkol sa mga AVAs, na isang pangunahing output sa ilalim ng policy advocacy component ng LJI project.

Para sa karagdagang detalye, mababasa ang ***AVAs in Agrarian Reform Areas: A Policy Paper*** sa: https://angoc.org/portal/agribusiness-venture-arrangements-avas-in-agrarian-reform-areas-a-policy-paper/ [www.angoc.org/portal].

**Disclaimer**

Ang publikasyong ito ay ginawa sa tulong pinansyal ng EU bilang bahagi ng LJI project. Ang mga pananaw na nakapaloob sa dokumentong ito ay hindi kagyat na nagpapahayag ng pananaw ng EU.

**Citation**

Asian NGO Coalition for Agrarian Reform and Rural Development & Kaisahan Tungo sa Kaunlaran ng Kanayunan at Repormang Pansakahan. (2026). *Agribusiness Venture Arrangements (AVA): A Briefer: Tagalog.* [Policy briefer prepared under the Land Justice Initiative (LJI) Project.]

**Images:** Open AI (2026) Gemini

Land Justice Initiative is implemented by:

KAISAHAN
TUNGO SA KAUNLARAN NG KANAYUNAN AT REPORMANG PANSAKAHAN

ANGOC
Asian NGO Coalition for Agrarian Reform and Rural Development

Funded by the European Union

Follow us on facebook at
https://facebook.com/LandJusticePH
Or scan the QR Code